
Chapter 10

# Mga Emergency at Sakuna



## 1 Pagtawag kapag may emergency

### 1-1 Kapag may biglang nakaramdam ng matinding sakit, nasugatan, may sunog, at iba pa (tumawag sa 119)

Tumawag na lamang sa 119 kapag may biglang nakaramdam ng matinding sakit, nasugatan o sunog.

**Kapag biglang nakaramdam ng matinding sakit o nasugatan**

i. Tumawag sa 119. Kapag tinanong ng operator kung may sunog o emergency, sabihin na may emergency.
ii. Sabihin ang lugar o landmark para makarating kaagad ang ambulansya.
iii. Sabihin ang kalagayan ng maysakit at edad niya.
iv. Sabihin ang inyong pangalan at contact information.

Tingnan kung paano ang pagtawag ng ambulansya (sa iba't ibang wika)

https://www.fdma.go.jp/publication/portal/post1.html

**Kapag may sunog**

i. Tumawag sa 119. Kapag tinanong ng operator kung may sunog o emergency, sabihin na may sunog.
ii. Sabihin kung saan may sunog.
iii. Sabihin ang inyong pangalan at contact information.


## 1-2 Aksidente sa trapiko at Krimen atbp. (Tumawag sa 110)

- Sa aksidente sa trapiko o krimen at kung gustong papuntahin kaagad ang pulis, tumawag sa 110.
- Kapag tumawag sa 110, itatanong ng operator ang mga sumusunod. Manatili kayong kalmado at magbigay ng tamang impormasyon.

i. Kailan, saan at ano ang nangyari
ii. Inyong pangalan at contact information atbp.
iii. Kasarian, ilang tao ang nasangkot, edad, kasuotan at iba pang katangian ng nadamay sa aksidente o kriminal atbp.
iv. Kung may nasugatan o hindi

- Kung hindi makakatawag, humingi ng tulong sa iba.






**Key Point:**

### Emergency call mula sa pampublikong telepono

Maaaring gamitin ang mga pampublikong telepono para sa mga emergency calls sa 110 (Pulis), 118 (Coast Guard), at 119 (Fire Department). Hindi kailangan ng coins o telephone card.

- Pampublikong telepono na may emergency call button (red button)
  Kunin ang receiver, pindutin ang emergency call button, at i-dial ang 110.
- Pampublikong telepono na walang emergency call button
  Kunin ang receiver, at direktang i-dial ang 110.


◆Pampublikong telepono na may Pindutan ng Emergency




◆Pampublikong telepono na walang Pindutan ng Emergency



# 2 Sakuna



## 2-1 Bagyo at localized torrential downpour (matinding pagbuhos ng ulan)

- Tuwing nagbabago ang panahon, nananatili ang weather front (na nabubuo sa pagitan ng mainit na hangin galing sa timog at malamig na hangin galing sa hilaga) sa ibabaw ng Japan. Kadalasan, nagdudulot ito ng malakas na ulan.
- Tuwing dumadaan ang low pressure area kasama ng bagyo at weather front sa Japan, umuulan nang malakas sa malawak na lugar.
- Dahil sa heograpikal na katangian, lumalakas ang tumataas na hangin at sunud-sunod na nabubuo ang cumulo-nimbus clouds sa partikular na lokasyon. Bunga nito, tuluy-tuloy ang pagbuhos ng malakas na ulan sa partikular na lugar (localized torrential downpour).
- Dahil sa pagbuhos ng malakas na ulan, maaaring gumuho ang lupa at magkaroon ng baha. Posibleng magdulot ng malaking pinsala. Kaya, kailangang maging alert.

### (1) Pag-apaw ng ilog


- Sa lakas ng ulan, maaaring umapaw ang ilog at magkaroon ng baha. Maaari ring magkabaha sa mga gusali at agusin ang mga tao.
- Para makaligtas sa baha, isagawa ang sumusunod.

**Paghahanda**

Mahalagang laging suriin ang lugar kung saan maaaring bumaha, ang evacuation area at ang ligtas na ruta mula sa iyong tahanan atbp. patungo sa evacuation area gamit ang hazard map atbp.

Karagdagang Impormasyon:

**Hazard Map**




Ito ay isang mapa na naglalarawan kung saan malaki ang panganib ng kalamidad.

**Para sa detalye, tingnan ang website.**

https://disaportal.gsi.go.jp/

**Kapag malakas ang ulan**

i. Batay sa mga impormasyon ng panahon para sa pag-iwas sa sakuna na galing sa Japan Meteolorogical Agency atbp., kung sa palagay ninyo ay may panganib, lumikas agad kayo.
ii. Kapag inilabas na ng munisipalidad ang impormasyon tungkol sa paglikas, lumikas sa ligtas na lugar mula sa mapanganib na lugar.
iii. Basahin ang “3 Paglikas” tungkol sa paglikas.

## (2) Pagguho ng lupa

Pagguho ng lupa ay nangyayari kapag ang mga dalisdis ng bundok o mga bangin ay gumuho dahil sa malakas na ulan o lindol, o kapag ang lupa, mga bato, at mga puno ay naanod mula sa mga lugar ng ilog sa panahon ng pagbaha. Ang ganitong mga sakuna ay maaaring magwasak o magbaon ng mga gusali o humarang sa mga kalsada.

Para makaligtas mula sa pagguho ng lupa, isagawa ang mga sumusunod.

**Paghahanda**


Mahalagang laging suriin ang lugar kung saan maaaring magkaroon ng pagguho ng lupa, ang evacuation area at ang ligtas na ruta mula sa iyong tahanan atbp. patungo sa evacuation area gamit ang hazard map atbp.

**Kapag malakas ang ulan**

i. Batay sa mga impormasyon ng panahon para sa pag-iwas sa sakuna na galing sa Japan Meteolorogical Agency atbp., kung sa palagay ninyo ay may panganib, lumikas agad kayo.
ii. Kapag inilabas na ng munisipalidad ang impormasyon tungkol sa paglikas, lumikas sa ligtas na lugar mula sa mapanganib na lugar.
iii. Basahin ang "3 Paglikas" tungkol sa paglikas.

## 2-2 Lindol

- Sa paligid ng Japan, may ilang plate na gumagalaw sa ilalim ng lupa. Kaya isa sa mga bansang madalas nililindol ang Japan.
- Kapag may lindol, napakaimportante na protektahan muna ang sarili at makipagtulungan sa mga tao sa komunidad para matiyak ang kaligtasan.
- Para makaligtas sa lindol, isagawa ang sumusunod.



**Paghahanda**

i. Pag-usapan ninyo ng pamilya ninyo kung saan lilikas kapag may lindol.
ii. Sumali sa disaster drill sa komunidad para malaman ang paghahanda ng komunidad para sa lindol.
iii. Maghanda ng mga pagkain at inumin para sa tatlong araw (kung puwede, para sa pitong araw) at first-aid kit.
iv. Ikabit ang kasangkapan sa bahay para hindi matumba ang mga ito. Ayusin ang paglalagay nito sa loob ng kuwarto para matiyak ang kaligtasan kung sakaling matumba ito.

Karagdagang Impormasyon:

**Magnitude at Lakas ng Lindol**

- Nalalaman sa magnitude ang laki ng enerhiya ng lindol. Kapag tumaas nang isa ang magnitude, lumaki nang mga 32 times ang enerhiya ng lindol.
- Ang intensity ay ang lakas ng pagyanig sa isang partikular na lugar na apektado ng lindol. Ikinakategorya ng Japan Meteorological Agency ang lakas ng pagyanig ng lindol gamit ang 10 grado (0, 1, 2, 3, 4, mahinang intensity 5, malakas na intensity 5, mahinang intensity 6, malakas na intensity 6, 7).
- Makukuha ang nabanggit na impormasyon sa pamamagitan ng TV, radyo, Internet at iba pa.

## Kapag may lindol

Kapag may lindol, iwasang mataranta. Ang dapat ninyong gawin ay depende sa kinaroroonan ninyo sa oras na lumindol. Tandaan ang mga sumusunod.

**i. Manatiling kalmado**

- Kapag nasa loob ng bahay o gusali

  Para protektahan ang ulo mula sa nahuhulog na bagay sanhi ng pagyanig, magtago sa ilalim ng matibay na mesa at maghintay hanggang tumigil ang pagyanig.

- Kapag nasa labas

  Maaaring mahulog ang mga signboard o pader at bintana ng mga gusali.
  Protektahan ang ulo gamit ang bag at iba pa, at lumikas sa ligtas na lugar.

- Kapag nagmamaneho ng sasakyan

  Kapag nakaramdam ng pagyanig, iwasang mataranta at magparada ng sasakyan sa kaliwang gilid ng kalsada. Iwanang nakakabit ang susi sa makina, bumaba ng sasakyan at maglakad hanggang sa ligtas na lugar.

**ii. Panlaban sa sunog**

Kapag sumiklab ang sunog sanhi ng lindol, lalong lalaki ang pinsala.

- Kapag tumigil na ang pagyanig, patayin ang nakasinding kalan, heater at iba pang kagamitan.
- Kung may sunog, hangga't maaari, patayin ang sunog gamit ang fire extinguisher at iba pa.
- Pagkatapos ng lindol, puwedeng sumingaw ang gas. Kaya, huwag magsindi ng apoy.

**iii. Paglikas sa ligtas na lugar**

May posibilidad na matumba ang mga gusali at magkasunog dahil sa lindol.

- Maaaring gumuho ang lupa, atbp. Kaya, kapag nasa kabundukan, agad na lumikas sa evacuation area na itinakda ng ward office o city hall kapag tumigil na ang pagyanig.
- Maaaring sumiklab ang apoy kapag bumalik ang kuryente pagkatapos ng pagkawala nito dahil sa lindol. Kailangang patayin muna ang breaker bago lumikas.

**iv. Pakikipagtulungan sa mga kapitbahay**

Sa oras ng sakuna, mahalagang makipagtulungan sa mga kapitbahay.

- Makipagtulungan kayo, lalo na sa mga matatandang nakatira nang mag-isa at mga taong may kapansanan.

**v. Pagkuha ng tamang impormasyon**

Pagkatapos ng malaking lindol, lumalaganap ang iba't ibang impormasyon.

- Batay sa impormasyong galing sa TV, radyo, portable terminal at radio communication for disaster prevention and administration, kumuha ng tamang impormasyon at manatiling kalmado.

Karagdagang Impormasyon:

### Earthquake Early Warning (Babala)

- Ang Japan Meteorological Agency ay naglalabas ng mga maagang babala sa lindol kapag inaasahan ang matinding pagyanig.
- Ang earthquake early warning ay makukuha sa TV, radyo, portable terminal at radio commuication for disaster prevention and administration.

**Puwedeng manood ng video tungkol sa lindol at radio commuication for disaster prevention and administration (sa Ingles, Intsik, Koreano at Hapon)**

https://www.jma.go.jp/jma/kishou/books/sokuho_dvd/index.html

**Kapag nakita o narinig ang maagang babala sa lindol, huwag matataranta, sa halip ay unahin ang kaligtasan ng sarili!**

## 2-3 Tsunami (malaking alon)



- Kapag nagkaroon ng malaking lindol sa ilalim ng dagat, maaaring umangat o lumubog ang ocean floor. Dahil dito, iniimpluwensiyahan nito ang ibabaw ng dagat at nabubuo ang malalaking along bumibiyahe sa lahat ng mga direksyon. Ito ang tsunami.
- Sinasabing "bago magkaroon ng tsunami, siguradong umaatras ang tubig sa dagat". Pero, hindi ito laging tama.

### Paghahanda

Para protektahan ang sarili mula sa tsunami, importanteng itsek ang evacuation area sa hazard map at ang ligtas na ruta mula sa bahay at iba pa, hanggang sa evacuation area.


### Kapag may posibilidad na magka-tsunami (kapag nagka-tsunami)

Kapag nakita ninyong paparating na ang tsunami at saka pa lang kayo lilikas, huli na. Kaya, tandaan ang mga sumusunod sa oras ng paglikas.

- Kapag nakaramdam ng malaking pagyanig o kahit na ng mahina pero matagal na pagyanig sa malapit sa dagat o bunganga ng ilog, kaagad na lumayo mula sa dagat o bunganga ng ilog at lumikas sa mataas na lugar o gusali na itinakda ng ward office o city hall bilang evacuation area.
- Kahit hindi kayo nakaramdam ng lindol, kapag naglabas ng babala sa tsunami ang Japan Meteorological Agency o naglabas ng kautusan ng paglikas ang munisipyo, kaagad na lumayo kayo mula sa dagat o bunganga ng ilog at lumikas sa mataas na lugar o gusali.
- Kumuha ng tamang impormasyon sa TV, radyo, portable terminal, radio communication for disaster prevention and administration, homepage ng Japan Meteorological Agency, "Safety tips" at iba pa.
- Ang tsunami ay bumabalik kaya huwag kayong lumapit sa dagat o bunganga ng ilog habang hindi pa binabawi ang babala.

Karagdagang Impormasyon:

### Tsunami Flag



- Mula sa Hunyo 2020 nagsimulang ipagbigay-alam nang biswal ang pagtaas ng alert ng malaking tsunami, alert ng tunami at warning ng tsunami sa pamamagitan ng pula at puting dama-ramang flag na "Tsunami Flag" sa mga dalampasigan.
- Sa pamamagitan ng paggamit ng "Tsunami Flag" maaaring ipagbigay-alam ang pagtaas ng mga alert ng Tsunami kahit sa mga hindi nakakarinig, sa mga lumalangoy at hindi masyadong nakakarinig dahil sa ingay ng mga alon at hangin at sa mga dayuhan.

Tungkol sa "Tsunami Flag" (Ingles)


https://www.data.jma.go.jp/eqev/data/en/tsunami/tsunami_flag.html

Tungkol sa "Tsunami Flag" (Hapones)

https://www.data.jma.go.jp/svd/eqev/data/tsunami_bosai/tsunami_bosai_p2.html

## 2-4 Pagputok ng bulkan

- May 111 na aktibong bulkan sa Japan.
- Ang pagputok ng bulkan ay maaaring magdulot ng mapanganib na sakuna sa inyong kaligtasan.
- Para protektahan ang sarili, isagawa ang mga sumusunod.



### Paghahanda

- Itsek ng maaga sa hazard map at ibang pang mapagkukunan ng impormasyon ang hazard area ng mga bulkan.
- Kung aakyat sa bundok, gawin ang mga sumusunod.

① Itsek ang babala ng pagsabog at volcanic alert level na inilalabas ng Japan Meteorological Agency at ang impormasyon tungkol sa mga bulkan katulad ng hazard map.
② Magsabmit kayo ng mountain climbing notification.
③ Maghanda ng communication device at helmet, atbp.

Karagdagang Impormasyon:

### Volcanic Alert Level

- Ito ang impormasyon inilalabas ayon sa paggalaw ng bulkan upang kaagad na malaman ang "sakop kung saan kailangang maging mapagmatyag" at ang "mga dapat gawin".
- Ito ay ginagamit sa 49 na bulkan sa mga aktibong bulkan sa Japan.
- May sumusunod na 5 na level sa Volcanic Alert Level.

| | |
|---|---|
| Level 5 | Paglikas (Paglikas mula sa mapanganib na lugar ng tirahan atbp. ay kailangan.) |
| Level 4 | Paglikas ng mga matatanda ( Paglikas ng mga taong nangangailangan ng espesyal na pangangalaga, tulad ng mga matatanda, sa mga tirahan kung saan kinakailangan ang pagbabantay, kailangang maghanda para sa paglikas ng mga residente atbp.) |
| Level 3 | Paghihigpit sa pagpasok sa bundok (Depende sa sitwasyon, maghanda para sa paglikas ng mga taong nangangailangan ng espesyal na pangangalaga, tulad ng mga matatanda. Ipinagbabawal ang pag-akyat, mga paghihigpit sa pag-akyat, paghihigpit sa pagpasok sa mapanganib na lugar atbp.) |
| Level 2 | Paghihigpit sa paligid ng bunganga ng bulkan (paghihigpit sa pagpasok sa paligid ng bunganga ng bulkan atbp.) |
| Level 1 | Tandaan na ito'y isang aktibong bulkan (walang patikular na pagtugon) |

**Tungkol sa babala ng pagsabog at Volcanic Alert Level (Ingles)**
https://www.data.jma.go.jp/vois/data/tokyo/STOCK/kaisetsu/English/level.html

**Kapag pumutok o malapit na pumutok ang bulkan**

- Batay sa eruption notice, eruption warning at volcanic alert level na inilalabas ng Japan Meteorological Agency, kung kailangan, magdesisyon kayo para lumikas.
- Kapag inilabas ng munisipyo ang evacuation order, lumikas sa ligtas na lugar.
- Kapag inilabas ang nabanggit na babala habang umaakyat sa bundok o pumutok ang bulkan, isagawa ang sumusunod upang protektahan ang sarili sa mga volcanic rocks at debris.

i. Kaagad na lumayo mula sa bunganga ng bulkan.
ii. Lumikas sa mountain hut. shelter o sa likod ng bato.
iii. Para protektahan ang ulo, magsuot ng helmet o iba pang protective gear.

# 3 Paglikas/Evacuation

## 3-1 Evacuation shelters

Ang evacuation area ay pansamantalang lugar at pasilidad para protektahan ang sarili sa oras ng sakuna.

**Kung may posibilidad na magkaroon ng sakuna o nagkaroon ng sakuna**

- Batay sa impormasyon sa paglikas atbp., lumikas kaagad sa ligtas na lugar mula sa mapanganib na lugar.
- Itsek muna ang mga evacuation area sa inyong lugar.
- Ang mga evacuation area ay maaaring itsek sa hazard map o website ng bawat munisipalidad.
- Kapag mapanganib na pumunta sa nakatakdang evacuation area tulad na bumaha na ang lugar atbp., lumikas sa iba pang ligtas na lugar (katulad ng mga matibay na gusali na malapit o kahit papaano, mas ligtas na lugar katulad ng ikalawang palapag pataas ng bahay) para matiyak ang sariling kaligtasan.

## 3-2 Impormasyon tungkol sa evacuation

Ito ay impormasyon para maghikayat ng paglikas sa oras ng sakuna o may posibilidad na magkaroon ng sakuna. Ang impormasyon tungkol sa paglikas ay sumusunod.

**Warning Level 3 Paglikas ng mga matatanda atbp.**

- Ano ito?

  Ito ay para maghikayat ng paglikas ng mga matatanda at mga maliit na batang nangangailangan ng oras para lumikas dahil maaaring magkaroon ng pinsalang dulot ng sakuna.

- Kapag inilabas ito, magsimulang i-evacuate ang mga sumusunod mula sa mapanganib na lugar.

i. mga matatanda
ii. mga taong may kapansanan
iii. mga maliit na bata
iv. Iba pang taong nahihirapang lumikas sa sariling lakas o taong nangangailangan ng oras para sa paglikas (katulad ng mga buntis)
v. mga tagapag-alaga para sa i~iv
vi. mga taong nakakaramdam ng panganib

Ito rin ang panahon para sa mga hindi kabilang sa taas na kailangang ipagpaliban ang mga karaniwang gawain at magsimulang maghanda sa paglikas kung kinakailangan.

## Warning Level 4 Evacuation Order

- Ano ito?

Ito ay inilalabas kapag mataas ang posibilidad na magkakaroon ng pinsala sanhi ng sakuna.

- Kapag inilabas ito

Lumikas ang lahat ng tao sa sumusunod na lugar mula sa mapanganib na lugar habang tinitiyak ang sariling kaligtasan.

i. mga evacuation area
ii. ligtas na bahay ng kamag-anak o kakilala, hotel, inn atbp.

Kapag makakapagpasya para sa inyong sarili na natugnan ang sumusunod na 3 kundisyon matapos suriin ang hazard map atbp., maaaring manatili sa loob ng bahay at tiyakin ang kaligtasan.

i. Hindi nasa lugar na may posibilidad na masira o gumuho ang bahay dahil sa baha (lugar na maaaring gumuho ang bahay atbp. dahil sa baha)
ii. Nakatira sa mataas na gusali kung saan walang panganib na mabaha
iii. Makakapagtiis hanggang humupa ang baha at may sapat na handa tulad ng tubig, pagkain atbp.

## Warning Level 5 Pagtitiyak ng kalitasan sa emergency


- Ano ito?

Ito ay inilalabas kapag lalong lumalala ang sitwasyon at nagkaroon na ng sakuna o kaya ay may nalalapit na sakuna.

- Kapag inilabas ito

Kapag hindi pa lumilikas, kailangang tiyakin agad ang sariling kaligtasan dahil nanganganib ang buhay. Kapag maaaring mas mapanganib na pumunta sa evacuation area, mangyarring gawin kaagad ang mga sumusunod upang protektahan ang buhay.

i. Lumukas sa mataas na bahagi ng malapit at matibay na gusali
ii. sa ikalawang palapag pataas ng bahay na mas ligtas





Chapter 1 Chapter 2 Chapter 3 Chapter 4 Chapter 5 Chapter 6 Chapter 7 Chapter 8 Chapter 9 Chapter 10 Chapter 11 Chapter 12

Karagdagang Impormasyon:

### Impormasyon tungkol sa paglikas batay sa warning level

**—Ano ang warning level?—**

- Ito ay inilalabas para ipaalam kung ano ang dapat gawin kapag may posibilidad na magkaroon ng pagbaha maliban sa tsunami at pagguho ng lupa.
- Ito ay inilalabas kasama ang impormasyon tungkol sa paglikas at disaster prevention weather information mula noong 2019.
- May sumusunod na limang antas sa warning level.

| | |
|---|---|
| Warning level 1.... | Maghanda nang mabuti para sa mga sakuna (Itsek ang impormasyon tungkol sa pag-ulan at pag-agos ng mga ilog sa TV o Internet) |
| Warning level 2.... | Kumpirmahin kung paano lilikas (Itsek kung mapanganib ang iyong lugar at kung saan at paano lilikas kung mapanganib) |
| Warning level 3.... | Kailangang lumikas mula sa mapanganib na lugar ang mga matatanda (at mga batang kailangan ng oras para lumikas) |
| Warning level 4.... | Kailangang lumikas ang lahat mula sa mapanganib na lugar (lilikas ang lahat sa ligtas na lugar mula sa mapanganib na lugar) |
| Warning level 5.... | Gagawin ang lahat na puwedeng gawin para sa kaligtasan ng buhay (May sakuna o nalalapit na sakuna. **Tiyakin ang sariling kaligtasan!**) |

## 3-3 Sa oras ng evacuation

Tandaan ang mga sumusunod sa oras ng paglikas

- Siguraduhing patayin ang apoy bago lumikas.
- Magdala lang ng kaunting gamit at kargahin sa likod para walang bitbit.



Karagdagang Impormasyon:

## Disaster message service

- Pagkatapos ng malaking lindol at iba pang sakuna, posibleng maging bisi ang linya ng telepono.
- Sa ganitong sitwasyon, ibinibigay ang disaster message service.

May pangkalahatang impormasyon din sa website ng Ministry of Internal Affairs and Communicatrions

https://www.soumu.go.jp/menu_seisaku/ictseisaku/net_anzen/hijyo/dengon.html

**Disaster Message Dial (171)**

Sa pagdidial ng "171" at sundin ang instruksyon para madaling irekord o pakinggan ang mensahe.

Para sa detalye, tingnan sa sumusunod na mga homepage.

NTT EAST NTT WEST

NTT EAST : https://www.ntt-east.co.jp/saigai/voice171/

NTT WEST : https://www.ntt-west.co.jp/dengon/

**Disaster message board (web171) (sa Ingles, Intsik, Koreano at Hapon)**

Maaaring iregister o ikumpirma ang impormasyong pangkaligtasan sa pamamagitan ng pagdidial ng numero ng telepono sa bahay o ng mobile phone gamit ang PC o smartphone.

Mangyari itong gamitin mula dito.

https://www.web171.jp/web171app/topRedirect/

Mangyaring tingnan ang Homepage sa ibaba para sa mga detalye.

NTT EAST NTT WEST

NTT EAST : http://www.ntt-east.co.jp/saigai/web171/

NTT WEST : https://www.ntt-west.co.jp/dengon/web171/

**Disaster message board (mobile phone)**

Ibibigay din ng mga kompanya ng mobile phone ang serbisyo ng Disaster message board.

Mangyari ring gamitin mula dito.

NTT DOCOMO KDDI (au)

NTT DOCOMO : http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi

KDDI (au) : http://dengon.ezweb.ne.jp/

SoftBank/ Y!mobile : http://dengon.softbank.ne.jp/

Rakuten Mobile : https://public-safety.mobile.rakuten.co.jp/?lang=ja

SoftBank/ Y!mobile Rakuten Mobile

**Mangyaring tingnan ang mga Homepage sa ibaba para sa mga detalye.**

NTT DOCOMO : https://www.nttdocomo.co.jp/info/disaster/disaster_board/index.htmll
KDDI (au) : https://www.au.com/mobile/anti-disaster/saigai-dengon/
SoftBank : https://www.softbank.jp/mobile/service/dengon/
Y!mobile : https://www.ymobile.jp/service/dengon/
Rakuten Mobile : https://public-safety.mobile.rakuten.co.jp/info/public-safety/ja/service.html

NTT DOCOMO | KDDI (au) | SoftBank | Y!mobile | Rakuten Mobile

## 3-4 Pagkuha ng weather information na makakatulong sa oras ng sakuna

Ang Japan Meteorological Agency ay naglalabas ng weather information na makakatulong sa oras ng sakuna sa mga lokal na pamahalaan.

Makukuha ang nasabing impormasyon sa pamamagitan ng TV, radyo at Internet.

**Mga impormasyon ukol sa malakas na ulan at lindol (sa iba't ibang wika)**

https://www.jma.go.jp/jma/kokusai/multi.html

### Impormasyon ukol sa pag-iwas sa sakuna

**Tingnan sa homepage ang impormasyon tungkol sa pag-iwas sa sakuna.**

https://www.jma.go.jp/jma/en/menu.html

### KIKIKURU (Risk map)

Itsek kung saan may mataas na posibilidad na magkaroon ng sakuna.

**Pagbaha (pagbaha sa mga mababang lugar)**

https://www.jma.go.jp/bosai/en_risk/#elements:inund

https://www.jma.go.jp/jma/kokusai/multi.html

**Pagbaha (pag-apaw ng mga ilog)**

https://www.jma.go.jp/bosai/en_risk/#elements:flood

https://www.jma.go.jp/jma/kokusai/multi.html

**Pagguho ng lupa (pagguho ng mga bundok o cliff)**

https://www.jma.go.jp/bosai/en_risk/#elements:land

https://www.jma.go.jp/jma/kokusai/multi.html

**Mga impormasyon ukol sa bulkan**

https://www.jma.go.jp/bosai/map.html#5/34.5/137/&contents=volcano&lang=en

https://www.jma.go.jp/jma/kokusai/multi.html

Karagdagang Impormasyon:

## Heavy rain emergency warning (Babala para sa malakas na ulan)

- ay pagkakataong maglabas ng special heavy rain warning ang Japan Meteorological Agency.
- Ang heavy rain emergency warning ay inilalabas kapag inaasahang magkaroon ng malakas na ulan na maaaring mangyari nang isang beses bawat ilang dekada at maaari nang nagkaroon ng malubhang sakuna.

Karagdagang Impormasyon:

## KIKIKURU (Risk map)

- Ang Japan Meteorological Agency ay naglalagay ng “KIKIKURU (risk map)” kung saan nakikita ang mga lugar na may mataas na posibilidad na malapit na magkaroon ng pagbaha, baha, pagguho ng lupa batay sa pagtataya ng ulan atbp.
- Ang KIKIKURU (risk map) ay ina-update sa website ng Japan Meteorological Agency tuwing 10 minuto.
- Itsek kung gaano kapanganib ang kinaroroonan ninyo sa cellphone at iba pang mga device para makalikas nang maaga.

Karagdagang Impormasyon:

## “Safety Tips” app na nagbibigay ng impormasyon sa oras ng sakuna

- Sa Japan, para sa mga dayuhang turista, may isang libreng app na nagbibigay ng impormasyong makakatulong sa oras ng sakuna.
- Kapag nag-download ng app na ito, makakatanggap ng impormasyon tungkol sa sumusunod na sakunang maaaring mangyari sa inyong paligid.
  - i. Earthquake early warning (babala para protektahan ang sarili dahil paparating ang malakas na pagyanig)
  - ii. Tsunami warning (babala para lumikas sa mataas na lugar dahil paparating ang tsunami)
  - iii. Emergency warning tungkol sa panahon atbp. (pinakamataas na babala na maaaring magkaroon ng malakas na ulan o hangin na maaaring mangyari nang isang beses bawat ilang dekada)
  - iv. Eruption notice (babala para protektahan ang sarili sa pagputok ng bulkan)
  - v. Typhoon information (babala para protektahan ang sarili dahil parating na ang typhoon)
  - vi. Heatstroke information (babala para protektahan ang sarili dahil sa risk ng heatstroke)
- Makakatulong ang sumusunod sa oras ng sakuna:
  - i. Flowchart tungkol sa mga dapat gawin sa oras ng sakuna
  - ii. Mga communication card para makipagkomunika sa mga Hapon
- Mga link ng “Safety tips” ay ang mga sumusunod:

Android : https://play.google.com/store/apps/details?id=jp.co.rcsc.safetyTips.android
iPhone : https://itunes.apple.com/jp/app/safety-tips/id858357174?mt=8

Safety tips | Android | iPhone